



Australian
Red Cross

Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya

Ang sapilitang pagtatrabaho,
pangangalakal ng tao, pagkaalipin at
pagkakatali sa utang ay pawang mga
krimen sa Australya. Alamin ang higit
pa sa redcross.org.au/workrighthub

Dapat kang tratuhin nang patas sa
trabaho.



Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas. Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa. Ang malubhang pagsasamantala sa trabaho ay isang krimen sa Australya.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay:

- Ang pamimilit na magtrabaho o pagiging hindi ligtas sa trabaho
- Pagtatrabaho nang maraming oras nang walang pahinga
- Hindi sinusuwelduhan nang tama
- Pagbabayad ng malaking utang sa isang recruiter o tagapag-empelyo para sa pagbiyahe, paninirahan, damit, pagkain, transportasyon o mga dokumento sa trabaho
- Hindi magawang iwan ang kaniyang pinagtatrabahuan o makipag-kasundo sa mga kondisyon
- Ginigipit o pinagbabantaan sa trabaho, gaya ng pagsasabi na idedeport siya o sasaktan ang mga kapamilya niya
- Hindi ma-access ang kaniyang pasaporte o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Pagtatrabaho sa bahay ng isang tao at bihirang makalabas

May makukuhang tulong

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala, may tulong na makukuha.

Para sa impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross.

**Tumawag sa 1800 113 015
o mag-email sa
national_stpp@redcross.org.au**

Kung ito ay isang emerhensiya o may banta sa kaligtasan ng isang tao, tawagan ang pulisya sa 000.

Upang isumbong ng posibleng kaso ng makabagong pang-aalipin, tawagan ang Australian Federal Police sa 131 237.

This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.